




## **Inaanyayahan tayo ng Panginoon, Halina . . .**



(Pambungad na Panalangin)

### **I. ANG TATLONG PAGBASA**

#### **UNANG PAGBASA (Is 50:5-9)**

<sup>5</sup>BINIGYAN ako ng pang-unawa ng Panginoon, hindi ako naghimagsik ni tumalikod sa kanya. <sup>6</sup>Hindi ako tumutol nang bugbugin nila ako, hindi ako kumibo nang ako'y kanilang insultuhin. Pinabayaan ko silang bunutin ang buhok ko't balbas, gayon din nang lurhan nila ako sa mukha. <sup>7</sup>Ang mga pagdustang ginawa nila'y di ko pinapansin, pagkat **ang Makapangyarihang Panginoon ang tumutulong sa akin.** Handa akong magtiis pagkat aking batid na ang sarili ko'y di mapapahiya. <sup>8</sup>Ang Diyos ay malapit at siya ang magpapatunay na wala akong sala. May mangangahas bang maghabla sa akin? Magharap kami sa hukuman, at ilahad ang kanyang bintang. <sup>9</sup>**Ang Poon mismo ang magtatanggol sa akin.** Sino ang makapagpapatunay na ako ay may sala?

Tema: **Ang Tulong ng Panginoong Diyos**

#### **PAGPAPALIWANAG**

- Isinulat sa panahon ng Pagkakatapon sa Babilonia (586-537), ang ikalawang aklat ni Isaias (Deutero-Isaias) ang nagbigay ng pag-asa at aliw sa mga Hudyong nasa *diaspora*.
- Ang mga nakasalungguhit na mga salita ay nagpapaliwanag sa atin kung paano tinahak ng mga Hudyo ang kanilang kapalaran sa Babilonia.
- Ang Panginoong Diyos ang kanilang tagapagligtas.
- Ang Diyos na tagapagligtas sa mga nasa pagkakatapon ay narito:
  - Sino ang lalaban sa akin?
  - Sino ang aking kaaway?
  - Sinong makapagsasabing ako'y nagkasala?

- Tutulungan ng Panginoong Diyos ang sinumang inuusig at nagdurusa.

## PAGNINILAY

Sapagkat ang Panginoong Diyos ay nasa ating tabi, hindi tayo mangangamba; ipinaglalaman natin ang tama.

## SALMONG TUGUNAN (Slm 114)

### KAPILING KO HABAMBUHAY ANG PANGINOONG MAYKAPAL.

## IKALAWANG PAGBASA (San 2:14-18)

<sup>14</sup>MGA KAPATID, ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya’y may **pananampalataya**, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa **gawa**? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya? <sup>15</sup>Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. <sup>16</sup>Kung sabihin ng isa sa inyo, “Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka’t magpakabusog,” ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon? <sup>17</sup>Gayon din naman, **patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa**.

<sup>18</sup>Ngunit may nagsabi, “May **pananampalataya** ka at may **gawa** ako.” Sagot ko naman, “Ipakita mo sa akin ang iyong **pananampalatayang walang kalakip na gawa**, at ipakikita ko naman sa iyo sa pamamagitan ng aking **mga gawa ang aking pananampalataya**.”

Tema: **Pananampalataya at Paggawa**

## PAGPAPALIWANAG

- Hindi ba at ito ang ating madalas ikatuwiran kung tayo’y tatanungin tungkol sa isyu na ang pananampalataya lamang ang makapagliligtas?
- Ang pananampalatayang walang gawa ay

walang silbi.

- Ang ibig sabihin ng gawa ay pagbibigay katarungan sa mga mahihirap, nakikiramdam sa kanilang pangangailangan.
- Ang pananampalataya at gawa ay hindi ipinaghihiwalay.
- Alam ni Apostol Santiago na ang tamang gawi ay maisasatupad lamang sa pamamagitan ng buong pusong pananampalataya sa Diyos.

## PAGNINILAY

May koneksyon ang pananampalataya sa pag-ibig. Sapagkat kaakibat ng pananampalataya ang pagmamahal sa kapwa.

Ang pananampalataya ay isang tugon sa pagiging bukas palad ng Panginoong Diyos---ang kaligtasang kanyang ibinigay sa sanlibutan.

## MABUTING BALITA (Mc 8:27-35)

### *Tagpuan, Katanungan at Sagot*

<sup>27</sup>Noong panahong iyon, si Hesus, kasama ang kanyang mga alagad, ay nagtungo sa mga nayon ng Cesarea, sakop ni Filipino. Samantalang sila’y naglalakbay, tinanong niya ang kanyang mga alagad, “Sino raw ako ayon sa mga tao?” <sup>28</sup>Sumagot sila, “Ang sabi ng ilan ay si Juan Bautista kayo; sabi naman ng iba, si Elias kayo; at may nagsasabi pang isa kayo sa mga propeta.” <sup>29</sup>“Kayo naman—ano ang sabi ninyo? Sino ako?” tanong niya. “Kayo ang Kristo,” tugon ni Pedro. <sup>30</sup>“Huwag ninyong sasabihin kaninuman kung sino ako,” mahigpit na utos niya sa kanila.

### *Ang Sasapitin ng Anak ng Tao*

<sup>31</sup>Mula noon, ipinaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao’y dapat magbata ng maraming hirap. Siya’y itatakwil ng matatanda ng bayan, ng mga punong saserdote at ng mga eskriba at

ipapapatay. Ngunit sa ikatlong araw, muli siyang mabubuhay.<sup>32</sup>Maliwanag na sinabi niya ito sa kanila.

### **Ang Pagsaway kay Pedro**

<sup>33</sup>Kaya't niyaya siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulang pagsabihan. Ngunit humarap si Hesus sa kanyang mga alagad at pinagwikaan si Pedro: "Lumayo ka, Satanas! Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao."

<sup>34</sup>Pinalapit ni Hesus ang mga tao, pati ang kanyang mga alagad, at sinabi: "Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin."<sup>35</sup>Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay siyang mawawalan nito; ngunit ang mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin at sa Mabuting Balita ay siyang magkakamit niyon."

**Tema: Ang Pagkakakilanlan kay Hesus**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Ito ang teksto na susi sa pagbasa ng ebanghelyo ni San Marcos.
- Natutunan natin ang tunah na pagkakakilanlan ni Hesus. Sa paghahayag ni Hesus, narinig natin ang unang proklamasyon ng Mabuting Balita.
- Ang Mesias ay mula sa salitang Hebreo na *Messiach*, ang ibig sabihin ay Hinirang. Ang paghihirang na ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbubuhos ng langis sa ulo ng hinihirang.
- Sa Lumang Tipan, mayroong tatlong uri ng mga tao ang hinihirang, ang mga pari, mga propeta, at mga hari.
- Ano ang sinasabi ng ibang tao tungkol kay Hesus?
- Sino ang nagsasabing si Hesus ang hinirang, ang Mesiyas, ang Kristo? Bakit ito nasabi ni Hesus?
- Marahil sa kanilang mga karanasan kasama

si Hesus.

- Ngunit kahalintulad ba ng kanilang konsepto ng Mesiyas ang sinasabing konsepto ni Hesus? Hindi.
- Nakalilito ang ideya ng Mesiyas. Sino sa tatlong uri ng mga hinirang ang ibig sabihin ni Hesus? Hari, propeta, o pari?
- Sa susunod na kapitulo at mga talata, pagkaraan ng Pagpapahayag ni Pedro, mababasa natin na ang Mesiyas na ito ay handang ialay ang sarili. Samakatuwid, magaganap ang Pagpapakapako ni Hesus. Ano ang mensahe ng pangyayaring ito sa atin?

### **PAGNINILAY**

Oo, may mga pangyayari sa ating buhay na si Hesus mismo ang sumasaway sa atin, kung tayo'y nagiging hadlang sa pananampalataya ng iba.

Minsan nagiging dahilan tayo upang magkasala ang iba, sa tuwing iniisip lamang natin ang ating sarili.

## **II. PAG-UUGNAY**

Ang Panginoong Diyos ay tagapaglistas, at kanyang ipinahahayag na walang sala ang nagdurusa at biktima (Unang Pagbasa). Maaaninag natin ito sa tunay na pagkakakilanlan ni Hesus. Ito ang ipinahahayag ng Ebanghelyo: Ang Mesiyas ay magdurusa. Ang pananampalataya ni Hesus sa kanyang Ama ay makikita rin natin sa kanyang mga gawa. Kaya nga't hindi nakapagtataakang buong pusong tinanggap ni Hesus ang pagdurusa sa pag-aalay ng kanyang sarili. Samakatuwid, nararapat lamang na isabuhay natin ang ating pananampalataya kay Hesus. Karapat-dapat lamang na maipakita natin ito sa ating malasakit sa iba ( Ikalawang Pagbasa).

### III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ika-21 ng Setyembre, Kapistahan ni San Mateo na Ebanghelistang
2. Mag-anyaya ng isang layko na magbahagi ng kanyang misyon sa inyong Bible-study group.
3. Ano ang iyong reaksyon kung tanungin ka ng isang Born-Again, “Tinanggap mo na ba si Hesus bilang iyong personal Savior?”
4. Mahilig tayong mga Filipino na pagsamahin ang musika sa ating mga ritwal sa pananampalataya. Magbigay ng isa sa mga ritwal na malapit sa iyo. Paano mo pinapalalim ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng ritwal na ito?
5. Sa kasaysayan ng Pilipinas, magbigay ng mga taong nag-alay ng kanilang mga sarili nang sa gayo’y ating makamtan ang kalayaan.

-Pagpapaliwanag: *Br. Hansel B. Mapayo, SSP*

-Isinalin ni *Cl. Oliver Par, SSP*

(*Pangwakas na Panalangin*)

#### PAMBUNGAD NA PANALANGIN





Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size* na *bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

### Mga Bagong Libro ng ST PAULS...



#### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)